Paghusay ng Iyong Anak (Your Child's Progress)

Mga pamantayan sa pag-aaral para sa taong panuruan 2017–18

Ang Washington ay may K-12 na mga pamantayan sa pag-aaral na naglalarawan sa kaalaman at mga kasanayan na kinakailangan ng bawat mag-aaral upang maging handa para sa karera, kolehiyo at pamumuhay kapag nakapagtapos na sila sa mataas na paaralan.

Nasa ibaba ang mga maikling halimbawa ng mga pangunahing layunin sa pagkatuto ng Washington para sa ika-1 baitang.
Para sa mas kumpletong impormasyon, bisitahin ang:

www.YourChildsProgress.com

- **Ang Mga Sining.** Bumuo ng pokus at konsentrasyon; i-explore ang pitch (tono ng musika) at himig; maintindihan ang istraktura ng kwento; i-explore ang mga materyales ng sining at pamamaraan.
- **Teknolohiyang Pang-edukasyon.** I-explore ang mga website bilang isang klase na may mga larawan ng mga hayop, mga pagkain at mga kulay upang lalong patibayin ang bokabularyo.
- **Sining sa Wikang Ingles (English Language Arts , ELA).** Magbasa at intindihin ang mga tekstong naaangkop sa baitang para sa katuwaan at impormasyon; magsulat para sa iba't ibang layunin at mga mambabasa.
- **Edukasyong Pangkalusugan at Pisikal na Edukasyon.** Matuto tungkol sa pisikal na edukasyon at sa mga pangunahing istraktura at paggana ng mga sistema ng katawan, mapaunlad ang mga kakayahan sa pakikisalamuha, pabutihin ang mga kasanayang locomotor at manipulative.
- **Matematika.** Matuto kung paano gumamit ng mga whole number at place value, kasali na ang pagpapangkat ng mga numero sa sampu-sampu at isa-isa; magdagdag at magbawas hanggang 20.
- **Agham.** Matuto tungkol sa tunog at liwanag, mga halaman, hayop at bagay sa kalangitan.
- **Araling Panlipunan.** I-explore ang mga paraan ng sama-samang pamumuhay at pagtatrabaho ng mga pamilya, gamit ang mga ideya mula sa mga sibika, ekonomiya, heograpiya at kasaysayan.

Ang Washington ay mayroon ding mga pamantayan sa pagkatuto sa **Integrated na Kapaligiran at Sustainability, Mga Wika ng Mundo, Karera at Teknikal na Edukasyon** (mga framework at pamantayan ng industriya para sa panggitna at mataas na paaralan), **Kahusayan sa Wikang Ingles (English Language Proficiency)** (sa ELA, matematika at agham), pati na rin ang mga alituntunin para sa **Maagang Pagkatuto** (pagkapanganak–ika-3 baitang) na naaayon sa panlahat na uri ng edukasyon para sa lahat ng mag-aaral.

Espesyal na edukasyon: Ang mga mag-aaral na nakakatanggap ng mga serbisyo ay mayroong mga pasilidad, pagbabago, at mga suporta na tinukoy sa kanilang mga indibidwal na planong pang-edukasyon.

Mga nag-aaral ng wikang Ingles: Ang mga mag-aaral na nag-aaral na magsalita ng wikang Ingles ay may mga pamantayan sa kahusayan sa wikang Ingles na makakatulong sa mga guro na maplano ang pagtuturo sa lahat ng asignatura na naaangkop sa antas ng development ng wika ng bawat mag-aaral.

Setyembre 2017, Publication No. 17-0023

BAITANG 1

Mga Layunin sa Pag-aaral sa Estado ng Washington

Bumuo ang Lehislatura ng Estado ng Washington ng apat na layunin sa pag-aaral upang magkaroon ng pundasyon para sa pag-develop ng lahat ng pamantayan sa akademikong pagkatuto sa estado:

1. Pagbabasa na may kasamang pang-unawa, mabungang pagsusulat, at matagumpay na pakikipag-usap sa iba't ibang paraan at mga kapaligiran at kasama ang iba't ibang klase ng mga mambabasa;
2. Alamin at gamitin ang kaibuturan na mga konsepto at mga pamamaraan ng matematika; panlipunan, pisikal at agham ng buhay; sibika at kasaysayan, kasama na ang iba't ibang kultura at pakikilahok sa kinatawan na gobyerno; heograpiya; sining; pangkalusugan at kalakasan ng katawan;
3. Pag-isipang mapanuri, makatwiran at malikhain, at isama ang karunungan sa teknolohiya at katatasan na rin sa iba't ibang karanasan at kaalaman sa pagbuo ng makakalutas na mga pagpasiya at lumutas ng mga problema; at
4. Umintindi ng importansiya ng trabaho at pananalapi at kung paano ang pagganap, pagsisikap at mga desisyon ay diretsong nakakaapekto sa hinaharap na karera at mga oportunidad sa edukasyon.

Opisina ng Superintendente ng Publikong Pagtuturo
(Office of Superintendent of Public Instruction)
www.k12.wa.us

Pang-estadong Pagsusulit sa Washington

Nag-aatas ang pederal na batas ng taunang pagsusulit sa mga mag-aaral sa baitang 3–8 at isang beses sa mataas na paaralan para sa English language arts (ELA) at matematika, at sa baitang 5 at 8 at isang beses sa mataas na paaralan para sa agham. Iniaatas din ng estado ng Washington na makapasa ang mga mag-aaral sa mga partikular na pagsusulit upang maging kwalipikado na makapagtapos sa mataas na paaralan.

Ang karamihan ng mga mag-aaral sa baitang 3–8 ay kukuha ng mga **Smarter Balanced** na pagsusulit sa ELA at matematika, at ang **Komprehensibong Pagtatasa para sa Agham ng Washington** sa baitang 5 at 8. Maaaring kunin ang mga pagsusulit na ito mayroon man o walang tool, suporta, o pasilidad.

Ang mga mag-aaral na may mga kapansin-pansing problema sa pag-aaral na naisadokumento sa kanilang Pang-Indibidwal na Programa ng Edukasyon (Individualized Education Program, IEP) ay kukuha ng mga alternatibong pagtatasa sa ELA, matematika, at agham, na tinatawag na Access sa Pagtuturo at Pagsukat ng Washington (Washington – Access to Instruction and Measurement, **WA-AIM**).

Kahit kailan, ang pang-estadong pagsusulit ay hindi dapat maging tanging batayan ng akademikong kahusayan at kaalaman ng isang mag-aaral. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkatuto ng iyong anak, mangyaring makipag-ugnayan sa guro o paaralan ng iyong anak.

Ang mga mag-aaral na nag-aaral magsalita ng Ingles sa baitang K–12 ay kukuha ng Pagtatasa sa Kahusayan sa Wikang Ingles para sa ika-21 Siglo (English Language Proficiency Assessment for the 21st Century, **ELPA21**). Sinusukat ng pagtatasa na ito ang mga kasanayan sa wikang Ingles at taunang paghusay sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig at pagsasalita. Ang mga mag-aaral na makakatanggap ng antas ng kasanayan na Nagsisimula Pa Lang (Emerging) o May Ilan Nang Kasanayan (Progressing) sa ELPA21 ay magiging kwalipikado na makatanggap ng mga suporta sa serbisyo ng programa sa wikang Ingles.

FAQ sa Pang-estadong Pagsusulit

Bakit kailangan ng aking anak na kunin ang mga pagsusulit na ito?

Iniaatas ng mga batas ng estado at pederal na pamahalaan ang pang-estadong pagsusulit. Hindi lang ito ang paraan upang malaman ang husay ng mag-aaral sa paaralan, ngunit maaaring makatulong ito sa pagtukoy ng mga isyu sa pag-aaral sa lalong madaling panahon.

Sa mataas na paaralan, kapag pumasa sa mga pang-estadong pagsusulit o sa mga naaprubahang alternatibo, ipinapakita na ang mga mag-aaral ay may matatag na pundasyon ng mga akademikong kasanayan, saanman sila nakatapos ng pag-aaral o anuman ang piliin nilang gawin pagkatapos ng pag-aaral.

Maaari ko bang tingnan ang pagsusulit ng aking anak?

Para sa mga dahilang panseguridad, hindi maaaring magkwento ang mga mag-aaral tungkol sa nilalaman ng pagsusuri sa kanilang mga kaibigan at kapamilya. Gayunpaman, pinapayagan ang mga kapamilya na suriin ang mga pagsusulit ng kanilang anak pagkatapos markahan ang mga ito.

Mga pagsusulit ayon sa Baitang, 2017–18

	Kinder-garten	Ika-1	Ika-2	Ika-3	Ika-4	Ika-5	Ika-6	Ika-7	Ika-8
ELA				✓	✓	✓	✓	✓	✓
Matematika				✓	✓	✓	✓	✓	✓
Agham						✓			✓

Mga Tala:

- Kinakailangan ang English Language Proficiency Assessment para sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Ingles. Kukuha ng pagsusulit ang mga mag-aaral upang maging kwalipikado na makatanggap ng suporta. Patuloy silang kukuha ng pagsusulit, taun-taon, hanggang sa maabot nila ang kahusayan sa wikang Ingles.
- Iniaatas ang iba pang mga pagsusulit, ngunit may kalayaan ang mga distrito sa pagpili ng mga pagsusulit at sa pagpapasya kung kailan kukunin ng mga mag-aaral ang mga ito. Kabilang sa mga pagsusulit ang pagbabasa para sa ikalawang baitang at mga pagsusulit na kukunin sa silid-aralan sa araling panlipunan, sining, edukasyong pangkalusugan at pisikal na edukasyon at iba pang mga asignatura. Makakakita ng higit pang impormasyon sa mga link ng Asignatura sa http://www.k12.wa.us/assessment/default.aspx.
- Maaari ding mag-atas ang mga paaralan ng distrito ng mga karagdagang pagsusulit. Alamin sa iyong lokal na distrito para sa higit pang detalye.

Mga Petsa ng Pagkuha ng Pang-estadong Pagsusulit

Nakaiskedyul ang pagkuha ng pagsusulit sa mga petsang nakalista sa ibaba. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na distrito ng paaralan upang malaman kung kailan dapat kumuha ng pagsusulit ang iyong anak.

PETSA NG PAGKUHA NG PANG-ESTADONG PAGSUSULIT

Pebrero 1–Marso 30: **ELPA21**

Ibinibigay ng OSPI ang mga ulat sa marka para sa lahat ng pagsusulit na nakalista sa itaas. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na distrito ng paaralan para sa higit pang impormasyon.

Ano ang Ibig Sabihin ng Marka sa Pagsusulit na Pang-estado?

Antas **4** **Lumampas sa Pamantayan ng Pagkamit: Nagpapakita ng malaking paghusay sa kaalaman at mga kakayahan sa isang asignatura.**

Antas **3** **Nakakatugon sa Pamantayan ng Pagkatuto: Nagpapakita ng paghusay sa kaalaman at mga kakayahan sa isang asignatura.**

Antas **2** **Halos Naabot ang Pamantayan ng Pagkatuto: Maaaring kailanganin ng higit pang pagpapahusay upang maipakita ang kaalaman at mga kakayahan sa isang asignatura.**

Antas **1** **Hindi Naabot ang Pamantayan ng Pagkatuto: Kailangan ng malaking paghusay upang maipakita ang kaalaman at mga kakayahan sa isang asignatura.**

Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
P.O. Box 47200
Olympia, WA 98504-7200

www.YourChildsProgress.com

Setyembre 2017, Publication No. 17-0023